

WELCOME TO THE AFL



ANO ANG AFL?

Ang AFL ay nangangahulugang Australian Football League at ang isport ay karaniwang kilala sa tawag na 'Footy'. Nagsimula ang AFL noong 1858, gayunpaman ang laro ay naimpluwensyahan ng larong Aborihinal na 'Marngrook'; na isang salitang nagmula sa wika ng mga taong taga-Gunditjmara na nangangahulugang 'larong bola'.

Pinagsasama-sama ng AFL ang mga kasanayan ng laro na ginagamit sa soccer, Gaelic football, rugby at basketball.

ANG LARO

Ang AFL ay isang dinamiko at paspasang isport na nilalaro sa apat na maaksyong 20 minuto sa isang lugar na kasinglaki ng isang cricket field!

Ang laro ay pinaglalaman ng dalawang koponan at ang layunin ay maka-iskor ng puntos sa pamamagitan ng pagsipa ng bola sa pagitan ng isang hanay ng apat na poste sa magkabilang dulo ng palaruang lugar.

Makakaiskor ng goal kapag ang bolang football ay sinipa sa pagitan ng matataas na panloob na mga poste (ang mga goalpost) at makakakuha ng anim na puntos. Kung ang bola ng football ay napunta sa pagitan ng goalpost at alinman sa mas maiikling panlabas na mga post (ang mga behind post), nakaiskor ito ng 'behind' at makakakuha lamang ng isang punto.

Ang mga manlalaro ay pinapayagang magpasahan ng bola gamit ang kanilang mga kamay at paa at ang koponan na may pinakamaraming puntos sa bandang huli ang siyang panalo.



Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa laro, bisitahin ang afl.com.au


ANG KOPONAN

Bawat koponan ay may 18 manlalaro sa palaruang lugar sa isang pagkakataon, na may apat pang panghaliling mga manlalaro.

Ang 18 manlalaro ay hahatiin sa mga grupo na tig-aanim:

- Anim na forward na ang trabaho ay umiskor
- Anim na midfielder na tumutulong makuha ng mga forward ang bola
- Anim na defender na ang tungkulin ay pigilang maka-iskor ang kabilang koponan

Mga Posisyon ng Football Team ng AFL



Ang mga manlalaro ay maaaring:



Magpasa gamit ang mga kamay at paa




Mag-tackle sa ibaba ng mga balikat



Mag-mark (saluhin ang bola)

Ang manlalaro ay hindi maaaring:



Itulak sa likod



Patirin ang ibang manlalaro



Mag-tackle sa bandang itaas ng mga balikat

MGA PATAKARAN

Kung bago ka pa lang sa isport, ang ilang mahahalagang patakaran na dapat mong malaman ay:

Ang mga manlalaro ay maaaring:

- Magpasa gamit ang kanilang mga kamay at paa
- Mag-tackle ng kalaban
- Mag-mark: saluhin ang bola nang direkta mula sa pagsipa ng isa pang manlalaro
- Mag-kick para maka-goal mula saanman sa field

Ang manlalaro ay hindi maaaring:

- Mag-tackle sa itaas ng mga balikat o sa ibaba ng mga tuhod
- Patirin ang ibang manlalaro
- Itulak ang kalaban sa likod
- Hawakan ang bola nang masyadong matagal, kung hindi ay mata-tackle siya